

Ang Iyong Mga Karapatan Bilang Isang Nakaligtas – Adulto

Ang gabay na ito ay isinulat ng at para sa adultong mga nakaligtas sa sekswal na pag-atake sa Texas.

Ang layunin nito ay bigyang kapangyarihan ang mga nakaligtas sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng isang madaling ma-access na pangkalahatang-ideya ng kanilang mga karapatan, ipaalam sa kanila ang tungkol sa mga sistemang idinisenyo upang paglingkuran sila, at pagtataguyod ng pag-access sa naaangkop at napapanahong pangangalaga.

...SA MEDIKAL NA PASILIDAD

Sa Forensic na Pagsusuri para sa Sekswal na Pag-Atake, Ang Adultong mga Nakaligtas ay may karapatan na:

- Isang forensic na medikal na pagsusuri, sa loob ng 120 oras pagkatapos ng pag-atake. Ang nakaligtas ay may karapatan na makatanggap ng pagsusuri pagkatapos ng 120 oras, kung ire-refer ng tagapagpatupad ng batas o isang medikal na tagapagkaloob, para sa paggamot at pangongolekta ng ebidensya ng isang sertipikadong SANE (Nars na Tagaiksamen ng Sekswal na Pag-atake) o medikal na tagapagkaloob ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.303](#))
- Tumanggi sa medikal na paggamot o ihinto ang pagsusuri anumang oras ([Code ng Kalusugan at Kaligtasan ng Texas §462.009](#))
- Magkaroon ng isang tagapagtaguyod mula sa isang programa ng sekswal na pag-atake na kasama mo sa loob ng kwarto habang isinasagawa ang pagsusuri ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.351](#))
- Hindi sisingilin para sa forensic na bahagi ng pagsusuri o anumang emerhensiyang pangangalaga na ibinigay sa panahon ng forensic na pagsusuri ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 66A.304 \(f\) & 56A.305](#))
- Humiling na makatanggap ng pagpapayo at pagsusuri para sa mga impeksyong AIDS/HIV ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.052 \(a\)\(3\)\(5\)](#))
- Isang pribadong kwarto sa paggamot at access sa shower, kung may available, pagkatapos ng isang forensic na medikal na pagsusuri (kung pinapahintulutan ng espasyo ng tagapagkaloob) ([Code ng Kalusugan at Kaligtasan ng Texas §§323.004 \(b\)\(5\), 323.053 & 323.004 \(b\)\(8\)](#))
- Makatanggap ng impormasyon sa katayuan ng ebidensyang nakolekta sa isang forensic na medikal na pagsusuri, at/o “subaybayan” ang ebidensya sa pamamagitan ng website ng Track-Kit. ([Code ng Pamahalaan ng Texas §420.034 \(c\)\(4\)](#))
*Hindi mo kailangang makipag-ugnayan sa tagapagpatupad ng batas upang maging karapat-dapat sa mga karapatang nakalista sa seksyong ito.

Pagkatapos ng forensic na medikal na pagsusuri, may karapatan kang magpasya kung gusto mong maghain ng ulat sa tagapagpatupad ng batas. Bagama’t ang nakolektang ebidensya ay itatabi ng Departamento ng Kaligtasan ng Publiko ng Texas, hindi ito susuriin maliban kung iulat mo ang sekswal na pag-atake. ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.306](#))

Ang ebidensyang nakolekta mula sa iyong forensic na medikal na pagsusuri ay itatabi ng Departamento ng Kaligtasan ng Publiko ng Texas sa loob ng limang taon. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang dps.texas.gov/section/crime-laboratory/non-reported-sexual-assault-evidence-program

...HABANG ISINASAGAWA NG IMBESTIGASYON

Sa kanilang pakikipag-ugnayan sa tagapagpatupad ng batas, Ang Adultong mga Nakaligtas ay may karapatan na:

- Maalukan ng forensic na medikal na pagsusuri ([Texas Code of Criminal Procedure Art. 56A.403](#))
- Gumamit ng pseudonym (kapalit ng iyong pangalan) sa mga nakaharap sa publikong mga ulat ng pulisya at mga database at sa mga legal na paglilitis tungkol sa pagkakasala (Mga Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas [58.102](#) & [58.103](#))
- Magkaroon ng isang tagapagtaguyod mula sa isang programa ng sekswal na pag-atake na kasama mo sa panahon ng mga imbestigatibong/follow-up na panayam ng tagapagpatupad ng batas ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.351.5](#))
- Hayaang makipag-ugnayan ang tagapagpatupad ng batas sa Tumutugong Koponan para sa Sekswal na Pag-atake (SART) upang magbigay ng patuloy na pangangalaga ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.403 \(d\)\(1\)](#))
- Hindi kinakailangan o hilingin na kumuha ng pagsusuring polygraph ng isang opisyal ng tagapagpatupad ng batas o isang abogado na kumakatawan sa estado ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 1.5.051](#))
- Mabigyan ng nakasulat na abiso na naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga karapatan ng mga biktima ng krimen, Track-Kit, at isang nakasulat na referral sa pinakamalapit na programa ng sekswal na pag-atake. Ang paunawa ay dapat nasa Ingles at Espanyol at dapat may kasamang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng coordinator ng opisina ng tagausig para sa pag-asiste sa biktima, ang tagapag-ugnayan ng biktima ng krimen ng mga ahensyang nagpapatupad ng batas, ang pinakamalapit na programa para sa sekswal na pag-atake, at pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan na nag-aalok ng forensic na medikal na pagsusuri para sa sekswal na pag-atake ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.403](#))
- Ang agarang pagbabalik ng ari-arian na hindi na kailangan bilang ebidensya ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.051 \(9\)](#))
- Kung hiniling, tumanggap ng impormasyon sa katayuan ng ebidensya na nakolekta sa isang forensic na medikal na pagsusuri; kabilang ang pagsusuri ng biyolohikal na ebidensya at pagkumpleto ng mga paghahambing sa database ng DNA ([Code ng Pamahalaan ng Texas §420.034 \(c\)\(4\)](#) & [Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.052 \(a\)\(2\)](#))



...MATAPOS ANG PAG-ARESTO

Kung may naaresto dahil sa pag-atake, Ang Adultong mga Nakaligtas ay may karapatan na:

- Humiling ng isang emerdyensyang utos ng proteksyon mula sa mga korte habang ang nasasakdal ay nasa kustodiya pa, o may humiling ng isa para sa iyong ngalan, at tumanggap ng kopya ng utos na iyon ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 17.292](#))
- Maabisuhan, kung hihilingin, tungkol sa karapatan ng nasasakdal na makapagpiyansa, gayundin ang mga pamamaraan sa mga imbestigasyong kriminal at ang sistema ng hustisyang pangkrimen. ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.051\(a\)\(3\)\(4\)](#))
- Isaalang-alang ang kaligtasan mo at ng iyong pamilya kapag nakatakda ang piyansa para sa nagkasala ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.051 \(a\)\(2\)](#))
- Ipasuri ang kinasuhan of nahatulang nagkasala para sa mga impeksyon o antibodies ng AIDS/HIV ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 21.3](#))

...SA MGA PAGLILITIS SA KORTE

Kung mapupunta sa korte ang kanilang kaso, Ang Adultong mga Nakaligtas ay may karapatan na:

- Kung hihilingin, maabisuhan tungkol sa mga nauugnay na paglilitis sa hukuman, kabilang ang mga paglilitis sa korte ng apela, at dapat ipaalam bago ang isang paglilitis kung ito ay makakansela. ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.051 \(a\)\(3\)\(A\)](#))
- Dumalo sa lahat ng mga pampublikong pagdinig o paglilitis sa hukuman. Ang tanging oras na maaari kang hindi dumalo sa mga paglilitis sa silid ng hukuman ay sa panahon ng patotoo ng iba pang mga saksi sa paglilitis laban sa nagkasala ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.051 \(b\)](#))
- Isang hiwalay, ligtas na lugar para hintayin mong tumestigo sa mga paglilitis tungkol sa nagkasala ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.051 \(a\)\(8\)](#))
- Makatanggap ng proteksyon ng tagapagpatupad ng batas mula sa mga banta o pinsala para sa pakikipagtulungan sa pag-uusig ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.051 \(a\)\(1\)](#))
- Hayaang ang abogado kumakatawan sa estado ang mag-abiso sa iyong employer, kung hihilingin, kung ang pagtestigo ay nangangailangan ng iyong pagliban sa trabaho ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.051 \(a\)\(10\)](#))
- Kung hiniling, ibigay sa tagausig ang iyong input tungkol sa kaso bago gumawa ng mga kritikal na desisyon tulad ng mga desisyon na huwag magsampa ng mga kaso, idismis ang mga kaso, gumamit ng isang programang interbensyon bago ang paglilitis o isang plea bargain agreement ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.052 \(a\)\(4\)](#))
- Maabisuhan tungkol sa plea bargains at mga tuntunin ng kasunduan bago sila tanggapin ng korte (Mga Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.453 & 26.13(e)(2))

...PAGKATAPOS NG PAGHATOL

Kung ang nagkasala ay nahatulan, Ang Adultong mga Nakaligtas ay may karapatan na:

- Sa paghatol o ipinagpalibang paghatol, magkaroon ng isang permanenteng utos ng proteksyon na ihain para sa iyo ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 7B.001 \(a\)\(1\)\(2\)](#))
- Magbigay ng Pahayag ng Epekto sa Biktima, na naglalarawan kung paano naaapektuhan ng krimen ang iyong buhay, na isasaalang-alang ng prosekusyon, hukum, at Lupon ng Mga Pardon at Mga Parole sa oras ng paghatol at sa panahon ng anumang pagdinig ng parole ([Mga Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas Mga Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.051 \(a\)\(5\)\(12\) & 56A.151](#))
- Maabisuhan sa mga paraan kung saan ang iyong Pahayag ng Epekto sa Biktima ay maaaring magamit ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.051 \(a\)\(12\)](#))
- Maabisuhan tungkol sa mga pamamaraan ng parole, lumahok sa proseso ng parole, maabisuhan tungkol sa mga paglilitis sa parole, magbigay ng impormasyon sa Lupon ng Mga Pardon at Mga Parole na isasaalang-alang para sa parole, at maabisuhan tungkol sa pagpapalaya ng nagkasala ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.051 \(a\)\(7\)\(A-D\)](#))
- Humiling ng pamamagitan biktima-nagkasala sa pamamagitan ng Departamento ng Hustisyang Pangkrimen ng Texas ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.602 \(2\)](#))

...SA ANUMANG ORAS

Ang Adultong mga Nakaligtas ay laging may karapatan na:

- Igiit at ipatupad ang anumang mga karapatan nang pasalita man o nakasulat ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.0531](#))
- Makatanggap ng abiso ng mga karapatan sa pamamagitan ng isang awtorisadong paraan ng elektronikong abiso sa pamamagitan ng email, text, tawag sa telepono, o personal na pakikipag-ugnayan, o hilingin ito sa pamamagitan ng hindi kilalang online na portal kung naaangkop ([Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 56A.0525](#))
- Tapusin ang iyong pag-upa, kung ang nakalistang nangungupahan ay isang biktima o isang magulang o tagapag-alaga ng isang biktima ng sekswal na pag-atake, o naging biktima sa nakalipas na anim na buwan, at ang pag-atake ay naganap sa lugar ng iyong paupahang ari-arian o complex ([Code ng Ari-Arian ng Texas §92.016](#))
- Makilahok sa Opisina ng Attorney General Programang Pagkakumpidensyal ng Address (Mga Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 58.052 & 58.053)



- Humiling ng isang panghuling utos ng proteksyon mula sa mga korte, o hilingin sa abogado na kumakatawan sa estado na humiling ng isa para sa iyo, at hindi singilin ang anumang mga bayarin na may kaugnayan sa utos ng proteksyon, kabilang ang para sa mga kopya ng isang utos ([Mga Art. ng Code ng Kriminal na Pamamaraan ng Texas 7B.001 \(a\)\(1\)\(3\), 7B.001 \(a-1\) & Code ng Pamilya ng Texas §81.002](#))
- Magsampa ng kasong sibil laban sa (mga) tao na umatake sa iyo, hanggang 5 taon mula sa petsa ng pagkakasala ([Code ng Civil Practice at Mga Remedyo ng Texas §16.0045 \(b\)\(1\)](#))

TALAHULUGAN NG MGA TERMINO

Programang Pagkakumpidensyal ng Address

Isang kapalit ng PO Box at serbisyo sa pagpapasa ng mail na ibinigay ng Opisina ng Attorney General sa mga nakaligtas upang panatilihin lihim ang kanilang pisikal na address. Ito ang tanging uri ng PO Box na maaaring ilista sa lisensya sa pagmamaneho.

Tagapagtaguyod

Isang boluntaryo o kawani mula sa isang programang sekswal na pag-aatake na nakabase sa komunidad, na nagbibigay ng suporta para sa mga biktima/nakaligtas sa sekswal na pag-atake at mga katulad na krimen. Maaaring kabilang sa kanilang mga tungkulin sa trabaho ang pag-aalok ng interbensyon sa krisis, pagpapalano sa kaligtasan, mga pagtatasa ng pangangailangan at pagtataguyod sa ngalan ng isang nakaligtas at/o pagsama sa nakaligtas sa mga panayam ng tagapagpatupad ng batas at mga forensic na medikal na pagsusuri. Magsusuplay din sila ng impormasyon o mga referral para sa mga shelter, restraining order, at iba pang serbisyo ng suporta.

AIDS Acquired Immunodeficiency Syndrome

Isang espekro ng kondisyong medikal na dulot ng HIV. Ang AIDS ay nakakasagabal sa immune system, na ginagawang mas mahina ang isang tao laban sa iba pang mga sakit at kondisyong medikal.

Paglilitis sa Korte

Tumutukoy sa mga pormal na bahagi ng isang kasong criminal o sibil. Hal: arraignment, pagdinig, pagpasok ng plea, paglilitis, pagsentensiya, mga apela, at mga pagdinig ng utos ng proteksyon.

Kompensasyon ng mga Biktima ng Krimen

Mga pondo na nilalayong bayaran ang mga biktima at kalapit na miyembro ng pamilya, mga umaasa, at iba pa na umaako sa ilang partikular na obligasyong pinansyal para sa mga gastos na nauugnay sa krimen laban sa kanila (hal: pagpapayo, medikal na paggamot, mga libing, at pagkawala ng kita na hindi binabayaran ng ibang mga mapagkukunan). Kinokolekta ang mga pondo mula sa mga multa at bayad sa mga kasong kriminal at pinamamahalaan ng Opisina ng Attorney General.

Tagapag-ugnay ng Biktima ng Krimen

Iinalagang tao sa isang ahensyang nagpapatupad ng batas upang tulungan ang mga nakaligtas na maunawaan at ma-access ang kanilang mga karapatan. Kung ang isang tagapagtaguyod ng sekswal na pag-atake ay hindi available upang samahan ang isang nakaligtas sa panahon ng isang panayam sa pagsisiyasat, maaaring gampanan ng tagapag-ugnay ng biktima ng krimen ang tungkuling iyon.

CODIS Pinagsamang DNA Index System

Isang computer software program na nagpapatukbo ng lokal, estado, at pambansang database ng mga profile ng DNA mula sa mga nahatulang nagkasala, hindi nalutas na ebidensya sa pinangyarihan ng krimen, at mga nawawalang tao.

Ipinagpalibang Paghatol

Isang uri ng parusa na hukom/pinag-utos ng hukumang superbisyon ng komunidad o probasyon na nagpapahintulot sa isang nasasakdal na maiwasan ang isang pormal na paghatol sa kondisyon na sila ay umamin ng pagkakasala at kumpletuhin ang ilang mga tuntunin ng kanilang superbisyon.

Pangongolekta ng Ebidensya

Paraan ng pagkolekta, pagdodokumento, at pag-iimbak ng iba't ibang bagay na nauugnay sa pagsisiyasat ng isang krimen.

Tagapagkaloob ng Pangangalagang Pangkalusugan

Isang tao o nilalang na nagbibigay ng pangangalagang medikal o paggamot. Kasama ang mga manggagamot at nagtatrabaho sa isang ospital o isang klinika na nagbibigay ng mga forensic na medikal na pagsusuri.

HIV Human Immunodeficiency Virus

Isang virus na umaatake sa mga selula na tumutulong sa katawan na labanan ang mga impeksyon, na nagiging sanhi ng kondisyong medikal na kilala bilang AIDS. Ang HIV ay kumakalat sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa ilang mga likido sa katawan ng isang taong nahawahan, na maaaring mangyari sa panahon ng isang sekswal na pag-atake.

Kinasuhan/Pagsasakdal

Isang desisyon ng grand jury na nagpapahintulot sa opisina ng tagausig na ilipat ang kaso sa prosekusyon.

Forensic na Medikal na Pagsusuri

Pagtatasa ng medikal, paggamot at pagkolekta ng ebidensya ng isang sekswal na pag-atake ng isang sertipikadong SANE o tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Kasama sa pagsusuri ang pangangalap ng impormasyon mula sa pasyente, pag-uugnay ng paggamot sa mga pinsala na may kinakailangang follow-up na pangangalaga, at dokumentasyon ng biyolohikal at pisikal na mga natuklasan.

Plea Bargain

Isang kasunduan sa pagitan ng isang tagausig at isang nasasakdal kung saan ang nasasakdal ay umamin ng pagkakasala bilang kapalit ng isang itinakdang parusa, ang ilan sa mga paratang laban sa kanila ay ibasura o babawasan, at/o para sa tagausig na naghahanap ng mas mababang sentensiya. Ito ang pinaka-karaniwang resulta ng isang kaso. **Ang Hukom ay hindi nakatali sa mga tuntunin ng kasunduan sa plea.**



Polygraph

Karaniwang ginagamit upang tuklasin ang panlilinlang at kung minsan ay hindi tama na tinatawag na "lie detector testi" sa kabila ng maliit na patunay na maaari talaga itong makakita ng mga kasinungalingan.

Utos ng Proteksyon

Isang utos ng korte sibil na nag-aatas sa isang indibidwal na lumayo sa isang tao. Maaaring magsama ng iba pang mga probisyon para sa kaligtasan at suporta ng protektadong partido. Hal: suporta sa bata, pagpapasiya ng kustodiya, at iba pa.

Pseudonym

Isang pekeng pangalan. Maaaring magsumite ang biktima ng isang form upang humiling na ang mga inisyal o isang pekeng pangalan na kanilang pinili ay gamitin sa lahat ng mga rekord at paglilitis sa hukuman na may kaugnayan sa pagkakasala. Hal: Jane Doe

SANE Nars na Taqaiksamen ng Sekswal na Paq-atake

Isang rehistradong nars na may espesyal na pagsasanay sa pagtugon sa trauma, pagkolekta ng ebidensya, at pag-iimbak ng ebidensya para magsagawa ng forensic na medikal na pagsusuri ng sekswal na pag-atake.

SAFE Forensic na Pagsusuri para sa Sekswal na Paq-Atake

Isang forensic na pagsusuri na isinasagawa ng isang sertipikadong SANE o isang manggagamot na may espesyal na pagsasanay upang magsagawa ng forensic na medikal na pagsusuri.

SART Tumutugong Koponan para sa Sekswal na Paq-atake

Ang legal na kinakailangan, pinag-ugnay na tugon ng komunidad na binuo ng Texas Counties upang magkatuwang na tugunan ang mga krimen sa seks sa kanilang komunidad at suporta sa mga nakaligtas.

Track-Kit

Ang programang pinapatakbo ng Departamento ng Kaligtasan ng Publiko ng Texas na nagpapahintulat sa mga nakaligtas na nagkaroon ng forensic na medikal na pagsusuri na subaybayan kung nasaan ang ebidensya sa kasalukuyang proseso.

Tagapangasiwa ng Tulong sa Biktima

Itinalagang tao sa opisina ng tagausig upang tulungan ang mga nakaligtas na maunawaan at ma-access ang kanilang mga karapatan. Kung ang isang tagapagtaguyod ng sekswal na pag-atake ay hindi available upang samahan ang isang nakaligtas sa panahon ng isang imbestigatibong panayam, maaaring gampanan ng tagapangasiwa ng tulong sa biktima ang tungkuling iyon.

